

MGA DAPAT TANDAAN BAGO IKULONG

Ang mga sumusunod ay dapat isumite ng yunit na umaresto sa iyo sa pinuno o nanunungkulan sa pasilidad kung saan ka ikulong:



Kopya ng request for custody ng yunit na umaresto at ligal na commitment order na mula sa kautusan ng hukuman;



Katibayan na ikaw ay binigyan ng atensyong medikal o medical certificate;



Katibayan na ipinaalam o ipinag-bigay alam sa iyo ang iyong mga karapatan na alinsunod sa RA 7438 bago ka ikulong; at



Case folder na nilalaman ng lahat ng papeles kaugnay sa iyong pagkaaresto.

Seksyon 2, Artikulo III Katipunan ng mga Karapatan

“Hindi dapat maglagda ng warrant sa paghalughog o warrant sa pagdakip maliban kung may malinaw na dahilan na personal na pagpapasyahan ng hukom matapos masiyasat ang may habla at ang mga testigong maihaharap niya sa ilalim ng panunumpa o patotoo, at tiyakang tinutukoy ang lugar na hahalughugin, at ang mga taong darakpin o mga bagay na sasamsamin.”

ANG MGA DAPAT GAWIN SA ORAS NA HALUGHUGIN ANG IYONG BAHAY O OPISINA

Ang paghalughog at pagsamsam ay maisasagawa sa pamamagitan ng kautusan ng hukuman na ayon sa kaparaanan ng batas.

Ang search and seizure warrant ay kautusan ng isang hukom sa mga awtoridad na halughugin ang pamamahay at sasamsamin ang mga bagay-bagay na tinutukoy sa kautusan at dalhin ang mga ito sa hukuman. Tinutukoy ng seizure warrant ang mga sumusunod na bagay na sasamsamin:

1

Ari-arian na kinasasangkutan ng paglabag sa batas;

2


Mga ninakaw na bagay;

3

Armas, kagamitan at iba pang bagay na ginamit sa paglabag sa batas.

ORAS NG PAGHAHALUGHOG:

Dapat nakatukoy sa warrant na ang paghalughog ay gagawin sa araw maliban na lamang kung ang sinumpaang salaysay ay nagpapatibay at ginigiit na ang bagay o kagamitan na sasamsamin ay hawak ng tao o sa lugar na hahalughugin. Sa ganitong sitwasyon, dapat tiyak ang warrant sa pag-uutos na ito ay maaaring gawin sa anumang oras, araw o gabi.



MAAARING GAWIN ANG WARRANTLESS SEARCH O SEIZURE

Sa mga sumusunod na sitwasyon, maaaring isagawa ang paghalughog at pagsamsam na walang warrant:

Ang walang warrant na paghalughog ay kaugnay sa pag-aresto ng tao:

Kung ang samsamin na ebidensya laban sa iyo ay kitang-kita o plain view. Sa ilalim ng plain view doctrine, ang lahat ng mga bagay na lantarang nakikita ng mga awtoridad ay maaaring samsamin at gawin na ebidensya laban sa iyo. Ang plain view doctrine ay maaaring gamitin sa ilalim ng mga sumusunod sa siwasyon:

- Kung ang pulis at ano mang awtoridad na naghahalughog ay may paunang permiso mula sa hukuman na gawin ang paghalughog;
- Kung ang ebidensya ay aksidenteng nadiskubre at nakita ng pulis na nandoon sa lugar;
- Kung nakasisiguro ang pulis na ang bagay na kanyang nakita ay ebidensya sa paggawa ng krimen tulad ng mga kontrabando at iba pa; at
- Ang plain view ay para lamang sa pagsamsam ng ebidensya at hindi sa paghalughog ng iba pang bagay.

Kapag ang sasakyan ay pinahinto at isinailalim sa malawakang paghalughog, ito ay maaaring gawin lamang kung ang opisyal na naghahalughog ay may inaakalang mabigat na dahilan o probable cause para maniwala bago ang paghalughog na ang motorista ay may ginawang paglabag sa batas o makakahanap ng ebidensya kaugnay sa paggawa ng krimen sa sasakyan na hahalughugin;

Kung pumayag sa paghalughog kahit walang warrant;

Kung ito ay customs search;

Kung stop-and-frisk; at

Kung sakaling kakailanganin ng kaligtasang pambayan.

Kung mayroon kang nais idulog na suliranin tungkol sa iyong karapatang pantao, tumawag o sumulat sa

Commission on Human Rights

Globe: 0936-068-0982 Smart: 0920-506-1194

Email: chad.pasco.chr@gmail.com

